

Desposoryo:  
Katekesis sa mga Mag-iisang Dibdib  
sa mga Gilid-gilid at Suluk-sulok  
ng mga Bayan ng Malolos, Paombong at Hagonoy, Bulacan



Arvin D. Eballo  
Institute of Religion  
Unibersidad ng Santo Tomas

Si **Eballo** ay propesor ng Teolohiya at kasapi ng Institute of Religion ng Unibersidad ng Santo Tomas. Nagtapos ng Pilosopiya noong 1995 sa UST. Nagtapos ng kanyang MA noong 2001 at Doctor of Education major in Religious Education noong 2009 sa Pamantasang De La Salle sa Maynila (DLSU-M). Siya ay isa sa mga editor ng aklat na pinamagatang Contextualizing the Theological Constants of Justice noong 2010.

**Abstrak**

*Desposoryo ang tawag sa pinakahuling yugto ng proseso ng pamamanhikan para sa mga ikakasal sa mga bayan ng Malolos, Paombong at Hagonoy, Bulacan. Isa itong ritwal ng pagkakasundo sa pagitan ng mga pamilya na kinasasangkutan rin ng mga tagabaryo. Upang unawain ang kabuluhang kultural ng desposoryo, nangalap ng etnograpikong datos ang mananaliksik sa pamamagitan ng pamamaraang K. Ang pamamaraang K ay nakatuon sa obserbasyon at pakikilahok kaya nakaayon sa kamalayan at buhay ng mga Tagalog. Nahahati ito sa tatlong hakbang ng panunuri ayon sa: Katalaan, Karanasan at Kahulugan. Sa pamamagitan nito, isiniwalat ng papel ang mga aral at epekto ng desposoryo sa mga mag-iisang dibdib; sinuri ang mga kaugaliang Bulakenyano na nakapaloob dito; at pinatunayan kung paanong ang kaugaliang ito ay isang halimbawa ng inkulturadong (inculturation) katekesis na pinagyayaman ang kulturang Tagalog at Kristiyanong pananampalataya.*

**Mga Susing Salita**

*Desposoryo, Katekesis, Bersohan, Pamanhikan, Kaugaliang Tagalog*



## HASAAN

### *Introduksyon*

Proseso ang buhay ng mga magsasaka kaya hindi dapat madaliin ang mga bagay-bagay. Sabi nga, ang hinog sa pilit ay mapait kung kainin. Idinadaan sa proseso ang mga mahahalagang yugto ng buhay upang maging makahulugan, makabuluhan at pangmatagalan. Ang pamamanhikan ay binubuo ng iba't ibang yugto (Casanova 7). May *bulong* o alok ng binata ng kasal sa kanyang nobya habang sumasaksi ang kani-kanilang mga magulang. May *kayare* na ang ibig sabihin ay napagkasunduan na ang detalye ng kasal. May *dulog* kung saan pupunta sila sa pinuno ng barangay upang pagtibayin ang naging usapan.

Ang *desposoryo* naman ay ang huling bahagi ng pamamanhikan kung saan hinahandugan ng kasayahan at bersohan ang mga ikakasal. Nananaog ang lalaki sa kanyang bahay kasama ang kanyang mga kamag-anak, kaibigan at mga kababaryo patungo sa bahay ng babae upang ihandog ang *istampa* o larawan ng pag-iisang dibdib nina San Jose at Santa Maria o kaya naman ay larawan ng Banal na Mag-anak. Nagkakaroon ng sayawan, kantahan at bersohan sa gabi ng bisperas ng kasal. Sa bersohan binibigkas at naipaliliwanag ang mga aral para sa mga ikakasal (*Mga Tula ni Conrado Victoria* 162).

Ginagawa ang *desposoryo* sa mga sumusunod na baryo ng Malolos: Panasahan, Balite, Tikay, Dakila, Sumapa, Bungahan, Ligas, *Santissima Trinidad*, Anilao, Bulihan, Malanggam at Longos na pawang mga sakahan. Sa Paombong, makikita ito sa Tabon, Gusi, Pinalagdan at Kapitangan. Tumawid ang *desposoryo* sa Abulalas hanggang sa Iba-Ibayo sa bayan ng Hagonoy. Dahil sa mga latian at palaisdan, kalat-kalat at watak-watak ang mga nagdedesposoryo subalit sila ay nagkakaisa kapag isasagawa na ang ritwal na ito.

Kung titingnan natin sa mapa ay kapansin-pansin na magkakatabi lamang ang tatlong bayang nabanggit. Sa ibabang bahagi ng mga bayang ito, maraming ilog na umuugnay sa look ng Maynila. Ang sinaunang Katagalugan ay sumasaklaw sa mga babay ng look ng Maynila na nagmumula sa Bataan hanggang Batangas, Mindoro at Masbate. Sa mga pulo sila nanirahan bilang pamayanang pambaybay-dagat na mas nakilala bilang mga 'taga-ilog'. Natunton nila ang ilog mula sa aplaya hanggang *Laguna de Bai* at sa ibayo patungong Tayabas. Mula sa arko ng Batangas, Cavite, Bulacan at Bataan o paligid ng Look ng Maynila ay

lunduyan ng Katagalugan (Veneracion 49). Kabilang ang mga bayan ng Malolos, Paombong at Hagonoy na nagsasagawa ng *desposoryo* sa sinaunang Katagalugan.

Matutukoy rin na ang mga lugar na may *desposoryo* ay yaong malayo sa simbahan at sa Poblacion. Matatagpuan ito sa mga suluk-sulok at gilid-gilid na itinataguyod ng mga magsasaka at mga mangingisda. Kung kaya, ang *desposoryo* ay latak ng sinaunang kaugalian ng mga Tagalog na nasa suluk-sulok at gilid-gilid ng bayan na nilapatan ng mga Kristiyanong elemento upang magsilbing katekesis sa mga tao. Sa ritwal na ito makikita ang pagsasanib ng sinaunang kultura at ng Katolikong pananampalataya.

Nakatuon ang pananaliksik sa *desposoryo* bilang isang natatanging gawaing kultural ng mga Tagalog sa Bulacan gamit ang pamamaraang K. Ang pamamaraang K ang ginamit ng mananaliksik bilang pangkalahatang pagkalap ng mga datos dahil hiyang at angkop ito sa kamalayan at buhay ng mga Tagalog (Obusan at Enriquez 92). Ang pamamaraang ito ay binubuo ng tatlong hakbang: *Katalaan, Karanasan at Kahulugan* (Obusan 38). Ang unang hakbang ay ang pagtukoy at pagkalap sa mga datos ng *desposoryo* mula sa KATALAAN na nakalagak sa mga libro at mga taong nakakaalam nito. Ang pangalawa ay ang pagtalakay sa KARANASAN ng mga taong sangkot dito. Ang pinakahuling hakbang ay tinatawag na KAHULUGAN o ang paglalapat ng kahulugan sa mga datos na nakalap. Nakaayon din sa tatlong hakbang ng pamamaraang K ang balangkas ng papel na ito. Sa Katalaan, ilalahad ang kaligiran ng *desposoryo* bilang isang ritwal at iisa-isahin ang proseso ng pagsasagawa nito. Sa Karanasan, tatalakayin ang mga elemento ng *desposoryo* bilang sinaunang ritwal na Tagalog. Sa Kahulugan, ihahanay ng pag-aaral ang mga aral ng *desposoryo* bilang inkulturadong katekesis.

### *I. Katalaan: Kaligiran at Proceso ng Desposoryo*

Maraming ritwal para sa mga ikakasal ang matatagpuan sa Pilipinas. Nabanggit ni Antonio de Morga noong 1592 ang pakantang seremonya sa Batangas na tinatawag na *balayang* (sinipi sa *Sucesos de las Islas Filipinas* 176). Ang salitang-ugat ng *balayang* ay *balayi* na ang kahulugan ay kasalan (Malay 1). Sa Tayabas ay may tinatawag na *papuri*. Sa Pangasinan ay may tinatawag na *onsequep*, *bansal* at *pagatin* o mga seremonya bago at pagkatapos ng kasal (del Castillo 14). Sa Palawan

ay may seremonya sa gabi ng bisperas ng kasal na kilala sa tawag na *esposadas*.

### A. Kaligiran ng *Desposoryo*

Sa Malolos, Paombong at Hagonoy, *desposoryo* ang tawag sa ritwal na ginaganap sa gabi ng bisperas ng kasal. Nagbuhat ito sa salitang Espanyol na *desposorio* na ang kahulugan ay kasunduang pagpapakasal o *betrothal* sa wikang Ingles (UP Diksiyonaryong Filipino). Kaugalian ito ng mga Tagalog na nilapatan ng mga Kristiyanong simbolo kung kaya't makikita rito ang pagsasanib ng kulturang Tagalog at ng pananampalatayang Kristiyano. Dalawa lang ang maaaring makatanggap nito. Una, yaong dumaan sa proseso ng pamanhikan. Ikalawa, yaong 'matandaan'. Tatlo sa mga nakapanayam ng mananaliksik ay 'matandaan' o pinagkasundo lamang ng kanilang mga magulang. Kadalasan ay kasama sa pag-uusap ang mga matatanda kung mayroong *desposoryo* ang magaganap na kasalan. Ang 'nagtanan' ay hindi maaaring handugan ng *desposoryo* dahil salungat ito sa kaugaliang dapat igalang ang mga magulang at mga matatanda. Lumilitaw na ang *desposoryo* ay isang *social control* upang pigilan ang pagtatanan.

### B. Pagsasagawa ng *desposoryo*

Nasaksihan ng mananaliksik ang *desposoryo* ng Tikay, Malolos nang handugan si Jenny (tunay na pangalan ng impormante na taga-Bulakan, Bulacan), ng pamilya ni Jericho (tunay ring pangalan ng impormante na taga-Tikay, Malolos, Bulacan). Pareho silang nagmula sa pamilya ng mga magsasaka. Noong ika-30 ng Agosto 2008, gabi ng bisperas ng kasal ginanap ang *desposoryo*. May arkong yari sa mga dahon ng sasâ sa tarangkahan ng bahay nina Jenny na kilala sa tawag na *singkaban* o arko ng tagumpay. May handang lutong ulam para sa mga kasangkot sa *desposoryo*. Nakahanda na rin ang *damara* o pansamantalang bulwagan kung saan isinasagawa ang seremonya ng *desposoryo* at handaan ng kasal kinabukasan.

Narating ng *Samahan ng Tikay* ang bahay ni Jericho bandang alas-sais ng hapon. Samahan ang tawag sa grupong naghahandog ng *desposoryo*, nagdadalit sa lamayan at bumabasa ng pasyon kapag panahon ng Kuwaresma. Namahinga muna sila. Maya-maya ay nag-ensayo ng sayaw ang matatanda pagkatapos ay nagsalu-salo sila sa meryenda.

Mag-aalas-otso ng gabi nang sabihin ni Andrea Camua, pinuno ng *desposoryo* ng Tikay, na humanda na sa pagpanaog at pagsisimula ng prusisyon. Nagmano na si Jericho sa kanyang mga magulang. Napaiyak ang kanyang ina habang bumeberso si Camua ng pamamaalam ng lalaking ikakasal sa kanyang pamilya. Pagpanaog nila, sumagitsit ang mga kwitis bilang hudyat ng simula ng prusisyon. May dalang mga sulo ang mga tao. Halos lahat ay napapaindak sa saliw ng gitara, silindro at tambol. Hindi magkamayaw ang sigawan, tawanan at palakpakan. Mayroon ding isang lalaking may dalang alak at tinatagayan ang mga nahihiya sa pagsayaw.

Walang-sawa sa pagkunday ng *istampa* ang tagalibad nito. *Libad* ang tawag sa masiglang pagkunday-kunday, pag-ikit-ikit at pag-ikut-ikot sa *istampa*.

Nang tanaw na ang bakuran ng babae, lalong sumigla ang sayaw at lalong lumakas ang sigawan. Sumisigaw sila ng 'hayan na!', 'malapit na!', 'heto na kami!' at ang iba naman ay 'yeho!' Nang nasa tarangkahan na sila ng bakuran nina Jenny, hinudyat ang pagtigil ng lahat.

Ang dalawang batikan sa pagbeberso na sina Andrea Camua at Heling Hernandez ay pumuwesto sa may tapat ng bintana upang simulan ang bersohan. Si Camua ay beberso para sa panig ng lalaki at si Hernandez naman para sa panig ng babae. Gumamit sila ng mikropono upang maintindihan ng mga naroroon ang nilalaman ng bersohan. *Panawagan* ang tawag sa unang bahagi ng berso ni Camua. Tumugon si Hernandez kung ano ang pakay ng lalaki. Saulado ng dalawa ang kanilang mga berso. Kumukumpas sila sa pagdiin sa mga salita. Tumugon ng pagpapakilala si Camua at nagsabing nagsanla ng singsing ang babae kay Jericho. Ibig sabihin, si Jericho ang napiling katipan ng babae. Nagsigawan ang mga tao dahil sa bersong narinig. Pagkatapos sumigaw sila ng *pong!* Hudyat ito na sasalitan ng sayaw-bukid ang bersohan. Matapos ang sayawan ay bersohan na naman. Pagkatapos, dumako na ang pagberso ni Hernandez sa pagpapatuloy sa *istampa* at kina Jericho. Bago iakyat sa bahay ang *istampa* ay bumerso si Camua tungkol sa kahalagahan ng Banal na Mag-anak bilang halimbawa ng mahusay na pagbubuo ng pamilya.

Nagkaroon muna ng mahabang *libiran* ng *istampa* na mistulang eksibisyon ng sayaw-bukid. Nagsisigawan pa ang matatanda na bilisan at husayan ang pagkunday-kunday sa *istampa*. Matapos ang *libiran*, pinapila ni Camua ang mga mananayaw. Maya-maya, nagmartsa ang

dalawang hanay ng mga mananayaw paakyat sa bahay nina Jenny. Dito inalay kina Jenny at Jericho ang *istampa* na nagpapahiwatig na sina San Jose at Santa Maria ang tularan sa pagbubuo at pagtataguyod ng pamilya. Sinundan ito ng pangangaral ng matatanda.

Nagkaroon ng sayawan at kantahan. Unang pinagsayaw ang mga magkakabalae at mga tiyuhin at tiyahin, pagkatapos, ang mga dalaga at mga binata at sa huli sina Jenny at Jericho. Pinaupo sa silyang magkatabi ang magkaisang-dibdib. Pinaikutan sila ng mga manganganta. Mangiyakngiyak si Jenny habang kumakanta ang samahan ng 'Kahapung-kahapon Lang'. Ito ang opisyal na kanta para sa babaeng ikakasal na hawig ang tono sa kantang 'Sa Lumang Simbahan'. Madaling araw na nang umuwi ang samahan.

### *II. Karanasan: Mula sa Pagiging Katutubo Hanggang Inkulturasyon*

Ayon kay Jose de Mesa, may mababakas na katutubong pananaw sa likod ng mga seremonya, sining, katutubong kanta o berso, paniniwala, ritwal at gawaing pagpapakabanal (*Primal Religion* 79-80). Kanyang ipinaliwanag na marapat lamang tukuyin kung anu-ano ang mga katutubong pananaw at kamalayan ng mga tao na nagsisilbing ugat ng isang ritwal. Marapat lamang na mabatid kung anu-ano ang mga katutubong kamalayan ang nagtatago sa tradisyong *desposoryo* at kung paano ito nilapatan ng mga Kristiyanong elemento.

#### A. Katutubong elemento

Ang mga sumusunod ay ang mga kapansin-pansing elemento ng *desposoryo* na nababahiran ng katutubong katangian:

##### 1. *Ang damara*

Ang *damara* ay nagmula sa kaugalian ng mga sinaunang Tagalog na isagawa ang mga mahahalagang seremonya gaya ng kasal sa malaking bahay ng pinuno ng baranggay (Merino 51-53). Naitala ni Pigafetta ang paggawa ng *sibi* upang magsilbing pansamantalang lugar kung saan idaraos ang isang mahalagang pagdiriwang. Sa Bulacan, *damara* ang katumbas ng *sibi*. Binabakuran ang lugar gamit ang mga dahon ng buko na pinapatibay ng mga posteng kawayan. Nakapalupot dito ang mga dahon ng kalyos o kamuning (Almario 88-89). Malinaw na ang *damara* ay isang sagradong lugar para sa isang mahalagang pagdiriwang.

## 2. *Ang namumuno*

Ang pagbeberso ay minamana mula sa mga ninuno. Ayon kay Andrea Camua, nakamulatan na niya ang kanyang lola na bumeberso at naisalin sa kanyang ina hanggang sa manahin niya. Mahalaga ang ginagampanan ng mga tagaberso sa *desposoryo*. Sila ang namumuno sa ritwal, namamagitan sa dalawang pamilya at nagsisikap na maiugnay ang mga seremonya sa espiritwal na daigdig. Dalubhasa rin sila sa ibang ritwal tulad ng pagberso sa binyagan, pagkanta sa kaarawan, pagdasal sa lamayan at pagbasa ng pasyon. Sinasalamin ng mga tagaberso ng *desposoryo* ang mga ninunong *catalonan* ng Katagalugan na pinagkakatiwalaan sa pagriritwal.

## 3. *Mga bakas ng sinaunang prusisyon*

Hindi katulad ng prusisyong Katoliko, ang prusisyon sa *desposoryo* ay puro sigawan at kasayahan ang mararanasan. Kung ang prusisyon ng Simbahan ay paikot sa sentro ng bayan, ang sa *desposoryo* naman ay tumatahak sa suluk-sulok at gilid-gilid ng baryo kung saan nananahan ang ikakasal. Puro kantiyawan ang mga mananayaw at bumibilis ang 'tagayan'. Sumisigaw ang mga kasali lalo na kapag malapit na sa bahay ng babae. Malinaw na katutubo ang ganitong uri ng prusisyon dahil hindi ito saklaw at sakop ng simbahan na nilalahukan pa ng sayawan, kantahan at tagayan.

## 4. *Ang paggamit ng larawan*

Mababakas sa *istampa* na ginagamit sa *desposoryo* ang kaugalian ng mga sinaunang Tagalog. Bago pa man nakilala sa kapuluan ang mga imahen ng mga santo at santo ay may kaugalian na ang mga ninunong Tagalog na alalahanin ang mga yumao nilang mahal sa buhay sa pamamagitan ng *larawan*. Ito ay maaaring gawa sa kahoy, sa buto, sa ngipin ng buwaya, sa garing o sa ginto. Ito ang kanilang imahen o idolo na ginagamit kapag sila ang *nag-aanito* kung saan sila ay nag-aalay sa *lic-ha* o larawan na simbulo ng mga *anito* o ng mga kaanak na yumao na (Schumacher 72).

May pagkakahawig ang pananaw ng mga nagdedesposoryo sa *istampa* sa pananaw ng mga sinaunang Tagalog sa *larawan* o *lic-ha*. Hindi lamang nagriritwal ang mga ninuno sa *larawan* o *lic-ha* para sa mabuting ani o kaya para sa kagalingan ng isang may karamdaman kundi para humiling ng anak. Ang *larawan* o *lic-ha* ay ginagamit din sa seremonya

ng paghingi ng anak o pagbubuntis (Jocano, *Philippine Prehistory* 185). Ang mga nagdedesposoryo naman ay nagriritwal sa pamamagitan ng paglibad sa *istampa* para maging kalugud-lugod sa lumikha na siyang nagdudulot ng anak.

### 5. *Ang tagayan*

Ang 'tagayan' ay laging kalahok sa mga mahahalagang okasyon tulad ng seremonya ng kasal ng mga sinaunang Tagalog (Schumacher 176). Matatandaan na ang mga *catalonan* noong araw ay umiinom ng alak sa pagriritwal upang lubusang makipag-ugnayan sa mga espiritu (Schumacher 15).

Naranasan ng mananaliksik ang 'tagayan' sa *desposoryo*. May isang lalaking nagsisilbing tanggero. Ayon sa kanya, gaganahang sumayaw ang mga naroroon at huhusay sa pagberso ang mga tagaberso dahil sa tagay. May malalim na kahulugan ang pag-ikot ng baso at ang sukat ng laman nito. Ang pag-ikot ng baso na may pare-parehong sukat ng alak ay simbolo ng pagpapakapantay-pantay, walang mayaman o dukha at higit sa lahat, walang diskriminasyon maging sa kababaihan (Sarza 54).

Nasaksihan din ng mananaliksik sa *desposoryo* na walang nalasing at walang nanggulo. Isang katotohanan na hindi dapat mailagay ang alak sa ulo kundi sa tiyan lang, na ang ibig sabihan ay hindi dapat hayaang alak ang magdikta sa utak. Ang silbi ng alak sa *desposoryo* ay upang lalong maramdaman ng mga kalahok ang ligaya at pansamantalang iwan ang pangkaraniwang daloy ng buhay para maramdaman ang pagkakabuklud-buklod ng mga tao at ang kabuluhan ng ginagawa nilang ritwal.

Samakatuwid, may 'tagayan' sa *desposoryo* upang hindi maglasing kundi maranasan ang kaligayahan at maramdaman ang pagkakapantay-pantay at pagkakaisa. Sa berso nga ng Tikay, iniugnay pa sa Bibliya ang 'tagayan' upang magmistulang Kristiyano ang seremonya.

Manong loobin po ng inyong kamahalan  
Sumalok ng tubig sa ilog ng Jordan  
Sa nilayu-layo ng pinagbuhatan  
Lindahin mo rin ang matinding uhaw.

### 6. *Mga galaw*

Ang pinakaimportanteng simbolo sa ritwal ay kilos ng katawan. Ang pagpapatong ng kamay sa ulo ay pagpapahayag ng pagtawag sa



Espiritu Santo (Pinkus 181). Ang pag-aabot at pagtanggap naman ng *istampa* ng *desposoryo* ng mga ikakasal habang sila'y nakaluhod ay galaw na naghuhudyat ng pagbabago sa estado ng buhay. Ang paghapay-hapay naman ng kamay ng mga mananayaw at pagkunday-kunday sa *istampa* ay isang panalangin upang mabiyayaan ng anak ang ikakasal. Ayon nga kay Chupungco, ang pagpapakabanal o debosyon ay isinasagawa sa harap ng imahen (*istampa*) para hilingin ang petisyon (39). Ang galaw ay isang matibay na pagpapahayag ng petisyon o pananampalataya. Samakatuwid, bawat indak ng paa at kunday ng kamay ng mga nagdedesposoryo ay may kahulugan at kabuluhan.

### 7. *Bersohan, kantahan at sayawan*

Nakapaloob sa sermonya ng kasal ng mga sinaunang Tagalog ang bersohan, kantahan at sayawan. Kapag napagod na ang mga panauhin ay matutulog na sila (Colin 73). Sa *desposoryo*, kasunod ng bersohan ang sayawan ng mag-asawa, magkakabalae, mga abay at mga bisita. Sinasalitan ang sayawan ng mga palasintahing awitin o *love songs*. Inaabot ito ng madaling araw. Matapos ang kasayahan ay mamamahinga na ang lahat dahil sa magaganap na kasalan kinabukasan.

### 8. *Paggamit ng sariling wika*

Ayon sa *Second Plenary Council of the Philippines* (PCP II) 160, mas makabuluhan kung ang katekesis ay isinasagawa gamit ang sariling wika ng mga tao upang tumimo sa kalooban at mapahalagahan ng mga tao. Ang *desposoryo* ay halimbawa ng tanyag na pagpapakabanal na tumatangkilik sa sariling wika. Tingnan ang berso ng Bulihan at Malanggam:

Saka ilalagay sa inyo ang belo  
Sunong mo nga nobya at pasan mo nobyo  
Yaon namang lubid, magtatali sa inyo  
Na siyang magbibigkis sa suyuan ninyo.

Ang ibig ipahiwatig ng 'sunong n'yo ang lubid na magtatali sa inyo' ay nawa ay laging isaisip ng mag-asawa na sila ay nagsumpaan at iwasan na ang hindi magandang gawi na hindi angkop sa may asawa at anak.

## HASAAN

Nagpapaalala rin ang berso na dapat isipin lagi ng mag-asawa na isang mabigat na gampanin o responsibilidad ang kanilang tinahak.

Ang paggamit ng sariling wika ay inaasahang madaling titimo at maiintindihan ng mga ikakasal. May talab sa damdamin ang kantang 'Kahapung-kahapon Lang' na kalimitang nagpapaiyak sa mga babaeng nahandugan ng *desposoryo*.

Kahapung-kahapon ay malaya ka pa sa iyong magulang  
At laging sariwa sa iyong alaala ang kaligayahan  
Wala sa gunitang gawang mag-intindi at gawang manimbang  
Subalit sa ngayon sisimulan mo nang mag-impok sa buhay.

Sisimulan mo na ang pakikisama at pakikibagay,  
Sa mga biyenan at mga hinipag na 'di mo kilala  
Ang makakatulad parang isang ibong nasa hawla  
'Di paris ng dati na malaya ka pa sa pagkadalaga.

Wala na tapos na tapos na ang layaw  
Sasalungain bagong daigdigan  
Ang pag-aasawa'y panibagong buhay  
Na katakut-takot na katakut-takot ang paninimbangan.

Kapansin-pansin sa *desposoryo* ang kahusayan ng mga tagaberso. Saulado nila ang kanilang mga linya kaya't nakukuha nila ang atensyon ng madla. Gayundin, dahil sa iisang wika, agad din ang reaksiyon ng mga tagapakinig sa salitan ng mga berso na makikita sa kanilang paghiyaw at paghanga. Taal ang wikang Tagalog sa kanila kaya tumatagos at tumatalab ang bersohan sa kamalayan at damdamin ng mga nakikinig. Ang bersohan ay isang halimbawa ng isang matandang tradisyon ng pasalitang panitikan sa Bulacan.

### 9. Ritwal at pilosopiya ng siklo ng buhay

Ang buhay ay nakaayon sa siklo. Lahat ng pag-unlad sa kalikasan, maging sa daigdig pampisikal o kalagayang-tao ay may sinusunod na siklong kalakaran o disenyo ng paglitaw o pagparam, ng paglaki at pagliit, pagsilang at pagkamatay (Timbreza 16). Umiinog ang buhay at dumaraan sa iba't ibang yugto. Ang mga mahahalagang yugto ng buhay ay nilalangkapan ng mga seremonya upang maging makabuluhan at makahulugan dahil minsan lamang dadaan ang isang tao sa mga yugtong nabanggit. Ang pag-iisang dibdib ay kakaiba sa mga yugto ng buhay dahil sangkot dito ang dalawang tao at ang kanilang mga pamilya. Sa kaso ng

desposoryo, maging ang baryo ay kabahagi sa ritwal.

Mahihinuha na ang *desposoryo* ay isang seremonya kung saan ang kultura, kamalayan at pananampalatayang Kristiyano ay nagkakaisa. Ang *desposoryo* ay isang pagkakataon sa mga Tagalog na ipahayag ang kanilang pananampalatayang Kristiyano na nakaugat sa kanilang mayamang kultura at pananaw sa buhay. *Inculturation* ang tawag sa pagsasanib ng kultura at pananampalatayang Kristiyano. Ito ay ang pagpapahayag ng pananampalatayang Kristiyano na sinasangkapan ng mga simbolo, sining, kanta at sayaw na nagmula at umusbong sa kultura ng mga tao (Mercado, *Inculturation and Filipino Theology* 23). Samakatuwid, ang *desposoryo* ay matatawag na isang uri ng *inculturation* kung saan naglalapat ang mayamang tradisyong Tagalog at ang pananampalatayang Kristiyano. Makikita ito sa mga sumusunod:

#### *A. Mga turong Katoliko*

Ayon kay Joseph Martos, ang mga sakramento ay mga pinto patungo sa kabanalan (51). Sa *desposoryo*, isinasadula ang ‘paghahagdan’ upang ipahayag na ang buhay ng tao ay umaakyat sa mahahalagang yugto tulad ng pagsilang, pagiging binata at dalaga, pagtanda at pagkamatay. Inihahalintulad ng *desposoryo* sa pag-akyat sa mga baitang ng hagdan ang mga kabanalang nararanasan sa mga sakramentong dulot ni Kristo gaya sa magkaparehong berso ng Paombong at Hagonoy:

Aba! Hagdang dorado  
Lalang ng Poong si Kristo  
Ang unang tuntungan ko  
Itong mahal na bautismo.

Baitang na ikalawa  
Eskrimonyo ng badya  
Ngayon tutuntungan ka.

Aba’y ikatlo kang baitang  
Lalang ng poong mahal  
Ikatlo sa bilang, konpesyon siyang ngalan  
Sa taong pagkukumpisal ay pagsisising matibay.

Baitang na ikaapat  
Sa ‘yo’y Eukaristiya ang tawag

## HASAAN

Ang pamuti mo'y hiyas  
Diyamanteng nagniningas.

Aba! Lana kang mahal  
Ikalima kang baitang  
Lunas ka't kagamutan  
Pamawi ka sa kasalanan.

Aba po mahal na orden  
Baitang na ikaanim  
Sa iyo inihahabilin  
Ang lahat na dapat gawin.

Baitang na ikapito  
Ngalan ay matrimonyo  
Ang batang tumuntong sa 'yo  
Sumusupling, namumuko.

Ang paglalagay ng mga kahulugan sa mga baitang ng hagdan ayon sa Pitong Sakramento ay isang alegoriya na ang mga baitang ay mga tutuntungan paakyat sa langit. Ginamit din ni Juan de Oliver ang talinghaga ng hagdan sa kanyang katesismo para sa mga Tagalog (xix). Hindi makakaakyat sa langit kung hindi yayapak sa mga baitang ng hagdan. Basahin ang ilang bahagi ng kanyang katesismo:

Datapoua, may hagdan man ang tauo sa caniyang bahay, cun baliin niya ang ybang bayitang, anong capapacanan niya sa caniyang hagdan, macatoloy pa sa bahay? Anong totongtongan niya cun bali yaong ybang bayitang? Magooli rin sa lupa, at indi macatoloy, ang malayo ngani ang pagyitan (108).

Inilarawan ni Juan de Oliver na ang hagdan patungong langit ay kahawig ng hagdan ng bahay na kinakailangang tuntungan para makaakyat sa itaas. Ayon sa katesismo, ang sampung utos ang mga baitang ng hagdan na mag-aakyat sa tao sa langit.

Gayon din naman tayo, may hagdan man sa langit, quinaaunaan man tayo nitong sangpouong baytang, cun baliin natin ang yba, cun di бага sundin, cun ypahamac natin sa langit, cun mamatay at indi macacarating doon, bagcus mahoholog tayo sa inferno? Sundin man pala ninyo ang lahat na otos nang Dios, cun may yysa man lamang

na inyong suayin, uala rin cacapacanan ang inyong gaua, at indi cayo macatotoloy sa langit (109).

Kung ang katesismo ni Juan Oliver ay tumutukoy sa sampung utos ng Diyos bilang mga baitang na mag-aakyat sa tao sa langit, tinukoy naman ng *desposoryo* ang Pitong Sakramento bilang mga baitang paakyat sa langit.

Ipinaliwanag naman sa berso ng Bulihan at Malanggam ang kahulugan ng 'tatlong kabutihang naidudulot ng pag-iisang dibdib'. Tinukoy na dapat ay nakaayon ang pag-aasawa sa pagkakaroon ng supling o anak na ayon sa berso ay dapat aralan (*proles*), na dapat maging tapat ang bawat isa (*fides*) at ang pag-aasawa ay panghabambuhay (*sacramentum*). Basahin:

Unang bono *flores* [sic] sa libro ay sabi  
At ang ikalawa, yaong bono *fide* [sic]  
At ang ikatlo, bono *sacramenti* [sic]  
Na siyang palaging isadili-dili.

Yaong bono *flores* [sic] ay ang kahulugan  
Ang magiging anak ay dapat aralan  
Sumamba't magpuri sa Diyos na mahal  
Magsunuran sila't sa grasya'y mamahay.

Yaong bono *fide* [sic] naman ay ganito  
Magsanggunian ang kahima't sino  
Kayong mag-asawa, sa anumang tungo  
Sa pagkakagalit ay huwag mabuyo.

*Bono Sacramento* [sic] ay ang katuturan  
Matrimonyo ninyo ay pakalinisan  
Ayon sa pahayag nang Diyos na mahal  
Na lumikha nitong buong santinakpan.

Ang unang kabutihan ng pag-aasawa ay ang kakayahang maging katulong ng Diyos sa paglikha o magkaroon ng mga supling (*proles*). Ayon kay San Agustin, hindi sapat ang gampaning isilang lang ang supling dahil may kaakibat na pagmamahal, pag-aaruga at pagtuturo ng kabutihan ang pagiging magulang (Lana et al. 218).

## HASAAN

Ayon kay San Agustin ang ikalawang kabutihan ng pag-aasawa ay tumutukoy sa katapatan ng mag-asawa (*fides*). Ayon nga kay San Pablo: “Ang babae ay walang sariling kapangyarihan sa kanyang katawan dahil ang lalaki ay may karapatan at gayun din naman ang lalaki.” (1 Cor. 7, 4) Nakapaloob din sa tulong ito ang pagiging magkatuwang sa buhay ng mag-asawa (Lana et al. 219).

Ang ikatlong kabutihan ng pag-aasawa ay tumutukoy sa panghabambuhay na pagsasama ng mag-asawa (*sacramentum*) gaya ng pag-ibig ni Kristo sa Simbahan na hanggang kamatayan (Lana et al. 219).

### *B. Kapwa at katutubong pagpapahalaga*

Maraming magagandang kaugalian ang nakapaloob sa ritwal na ito na maaaring magpalalim ng ugnayan sa Diyos at sa kapwa at ang kultura at ang pananampalataya ng mga tao. Tunay ngang nagpapakilala ang Diyos sa kultura ng mga tao. Ang mga sumusunod ay ang mga pangunahing pagpapahalaga na lumulutang sa *desposoryo*:

1. *Mahalaga ang damay ng kapwa.* Mababatid sa mga magkakapitbahay ang damayan sa tuwing may mahahalagang okasyon (Jocano, *Filipino Worldview* 59). Inaasahang sila ay karamay sa pamamagitan ng pagtulong sa pagkatay ng baboy at baka, sa pag-igib ng tubig, sa pagkuha ng mga kahoy na panggatong at sa paglilinis ng bahay para masigurong matagumpay ang isasagawang okasyon.

2. *Mahalaga ang utang na loob.* Malaki ang utang na loob ng mga ikakasal sa kanilang mga magulang kaya dinaan nila sa maayos na proseso o pamamanhikan ang kasalan. Utang na loob din ang dahilan kung bakit ang mga mananayaw ng *desposoryo* ay patuloy na handang maghatid bilang pasasalamat sa mga matatandang naghatid ng kasayahan at aral noong sila ay ikasal.

3. *Ang bawat isa ay sakop.* Ang bawat isa ay kasapi sa isang pamilya at pamayanan kaya marapat lamang na siya ay tulongan ng kanyang mga kasama (Mercado, *Elements of Filipino Theology* 190). Handang ialay ng isang kasapi ang kanyang talino, kakayahan, panahon at gamit para sa isang adhikain ng kanyang *sakop*. Ang sistemang *sakop* ay lantarang ipinahihiwatig ng *desposoryo* dahil ang *sakop* ng mga ikakasal ay may gampanin para maisagawa ang *desposoryo* pati ang kasalan.

4. *Mahalaga ang kagandahang loob.* Ang kusang pagbibigay ng panahon, kaalaman at sarili sa isang mabuting gawain ng walang hinahangad na kapalit ay pagpapahiwatig ng kagandahang loob (de Mesa, *Following the Way of Disciples* 80). Kusang-loob ang pakikisangkot ng mga mananayaw, tagaberso at manunugtog na naghahandog ng *desposoryo* at hindi sila kailanman naghangad ng pabuya. Pagpapakita rin ng kagandahang loob ang pagpapatuloy sa bahay at ang libreng pagpapakain na mas kilala sa tawag na *caridad*.

### *III. Kahulugan: Mga Kahingian at Kabuluhan ng Pag-aasawa ayon sa Desposoryo*

Batay sa naunang bahagi, naisa-isa ang mga elemento at pagpapahalagang katutubo at turong Katoliko na nagbunga ng pagiging inkulturadong katekismo ng *desposoryo*. Sa bahaging ito, iisa-isahin ang mga kahingian at kabuluhan ng pag-iisang dibdib na nalilikha ng ritwal na ito.

#### *A. Mga kahingian ng mabuting pag-aasawa*

1. *Mahusay na pagsasama at unawaan.* Ang dahilan kung bakit inihahandog ang *istampa* nina San Jose at Santa Maria sa mga ikakasal ay upang lagi nilang maalala na ang mahusay na pagsasama nina San Jose at Santa Maria ang laging tularan.

Kayo ay natulad kay Santa Maria  
Sa Poong San Hosep noong panahong una  
Ayon sa maganda nilang pagsasama  
Kinamtan ay langit, lubhang maligaya.  
(Berso ng Paombong at Hagonoy)

Itong *desposorio'y* kaya dinadala  
Ay inihahandog sa mag-aasawa  
Itong si San Josef at si Santa Maria  
Maganda ang kanilang mga pagsasama.  
(Berso ng Tikay)

Sa berso ng Ligas, hindi lang ang mahusay na pagsasama nina San Jose at Santa Maria ang tinutukoy kundi ang mabuting ugnayan ng Banal

## HASAAN

na Mag-anak na dapat maging inspirasyon ng bawat pamilya. Mahusay ang samahan ng Banal na Mag-anak na dapat tularan. Halimbawa nito ay ang ipinamalas ni Jesus kina Santa Maria at San Jose na paggalang hanggang siya ay lumaki (Katekismo para sa mga Pilipinong Katoliko 1022).

Ngayong narinig na ang aming habilin  
*Desposoryong* dala ay pakamahalin  
Iyong iingatan tulad sa salamin  
Sagradong Pamilya'y inspirasyon natin.

Tampok din sa berso ng Bulihan at Malanggam ang kahalagahan ng mahusay na pagsasama at unawaan ng mag-asawa. Ayon sa berso, si Eba ay hinango sa tapat ng puso na ang kahulugan ay dapat magkasundo, magbigayan, mag-unawaan, magsunuran at magmahalan ang mag-asawa.

Sa ulo ni Adan kaya 'di hinango  
Ang babaing Eva nang 'di magpalalo  
Doon nga binuksan sa tapat ng puso  
Ang dalawang sinta upang magkasundo.

Kaya 'di hinango naman sa paanan  
Ang babaing Eva nang hindi yurakan  
Sa tapat ng puso doon nga binuksan  
Ang dalawang sinta upang magmahalan.

2. *Biyaya ang pagkakaroon ng anak.* Sa seremonya ng *libiran* o pagkunday-kunday ng *istampa* ng *desposoryo*, humihiling ang mga tao sa isang makapangyarihan na dulutan agad ng anak ang ikakasal. Naniniwala ang mga sangkot sa *desposoryo* na mas mabilis ang pagkunday-kunday sa *istampa* ay mabilis ding mabubuntis ang babaeng ikakasal. Ilang buwan matapos ang kasal, nakikibalita ang samahang naghandog ng *desposoryo* kung buntis na ang babaeng kanilang nahatiran. Patunay na panalangin nila na handugan agad ng anak ang ikinasal. Nagsisilbing *deus-ex-machina* o isang makapangyarihang sinusuyo ng mga magsasaka upang dulutan agad ng anak ang mga ikakasal sa pamamagitan ng pagsasayaw (Boyer 236). Kailangan ng maraming anak ng mga magsasaka para may makatulong sila sa bukid. Ayon nga sa berso ng Paombong at Hagonoy, ang sinumang tumuntong sa Matrimonyo ay tulad ng halaman na



magsusupling.

Baitang na ikapito  
Ngalan ay Matrimonyo  
Ang batang tumuntong sa 'yo  
Sumusupling, namumuko.

Malaki ang kaugnayan ng *desposoryo* sa sayaw sa Obando. Kapag hindi agad nabiyayaan ng anak ang mag-asawang hinandugan ng *desposoryo*, maaari silang pumunta sa Obando. Naniniwala ang mga deboto na hindi pa iyon ang tamang panahon para sila ay biyayaan ng anak kaya may pagkakataon pang mamanata sa Obando na hindi naman kalayuan sa Malolos, Paombong at Hagonoy.

3. *Panghabambuhay na pag-aalay ng sarili.* Hindi isang laro ang pag-aasawa na kapag napagod at nauyam ay maaari nang umayaw. Ang pag-aasawa ay isang pangako. Hindi ito gaya ng pangkaraniwang kontrata na maaaring mapaso o lumipas. Ito ay panghabambuhay na pagbibigay ng sarili. Ayon nga sa berso ni Conrado Victoria (165-177):

Kaya sa iglesia duon inihuwad  
Ang iyong asawa o nobyong matikas  
Pag-ibig ni Kristo sa tao ay wagas  
Dito sa iglesia ay pinisang lahat.

Kaya mahalín mo ang iyong asawa  
Dalawang katawan ninyong pinag-isa  
Susundin mong lahat sa gawang maganda  
Ang ano mang nais sa yo'y inaala.

Nilinaw ng berso ang pagbibigay ng sarili, ang pagiging masunurin sa isa't isa lalo na sa paggawa ng mabuti at ang pag-unawa kung ano ang makakabuti. Sa unang taludtod naman ay sinabing kung gaano inibig ni Kristo ang Simbahan ay ganoon dapat ang pag-ibig ng mag-asawa sa isa't isa.

Binigyang diin naman sa berso ng Tikay na ang pag-aasawa ay panghabambuhay at hindi parang kanin na mainit na kapag napaso ay maaaring iluwa.

## HASAAN

Nobyang at nobyo ngayo'y iyong maaala-ala  
Ang pasan at sunong ninyong dala-dala  
Kayo'y magsasama sa hirap at ginhawa  
Kaya lang maghiwalay kung pantay ang paa.

Tinutukoy ng berso ang lubid at belo na sunong ng mag-asawa na dapat ay lagi nilang iisipin, tutuparin at paninindigan ang pangako ng kasal na sila ay magkasama sa hirap at ginhawa. Ang mag-asawa ang may pananagutan at tungkulin na tupdin ang kanilang binitiwang pangako noong sila ay humarap sa altar. Sinasaad din sa berso ang matandang kasabihan na ang pag-aasawa ay panghabambuhay.

### *B. Mga kabuluhan ng pag-iisang dibdib*

1. *Pagbubuo ng ugnayang pansimbahan.* Maaaring magtulungan ang tanyag na pagpapakabanal at ang Liturhiya ng Simbahan. Ang tanyag na pagpapakabanal (*popular religiosity*) ay nagsisilbing inspirasyon ng Liturhiya sa paggamit ng maalab na pamamaraan ng pagpapahayag ng pananampalataya (Chupungco 36).

Ang *desposoryo* ay isang halimbawa ng ugnayan ng tanyag na pagpapakabanal at Liturhiya dahil pinagtibay nito ang kasalang magaganap sa Sakramento ng Kasal. Ayon nga kay Aurelia Cabantog, tubong Sto. Nino, Paombong, Bulacan at nahandugan din ng *desposoryo*, pinagtibay ang sumpaang nilang mag-asawa dahil nagsilbing paghahanda ang *desposoryo*. Ang sinumpaang nila sa simbahan na hindi magtataksil at magsasama habambuhay ay nabanggit sa berso.

Bukas ng umaga haharap sa altar  
At pagbubuhulin ang pagmamahalan  
Sa harap ng padre kayo'y aarasan  
Tugtog ng kampana ay mapapakinggan.

Samakatuwid, nagsisilbing tugon ang *desposoryo* sa hamon ng PCP II # 178 na marapat lamang na magkaroon ng paunang katekesis o *pre-sacramental catechesis* ang mga tatanggap ng mga sakramento tulad ng Binyag, Kumpil at Pag-iisang Dibdib upang mabatid ng mga tatanggap

ang kahulugan at kabuluhan ng mga sakramento.

Ang berso ng *desposoryo* ay nagsisilbing katekesis para sa mga ikakasal na magbubuo ng pamilya. Ayon kay Felissa Victoria, asawa ni Conrado Victoria, tagaberso sa *desposoryo* ng Kapitangan, Paombong, Bulacan, ang katumbas ng *desposoryo* ay ang *pre-Cana seminar* ng parokya na ginagampanan ng mga katekista. Dinagdag pa niya na ang bersong sinulat ng kanyang asawa ay maihalalintulad sa mga binabanggit sa *pre-Cana seminar*. Dinadaan nga lang sa pagberso at pagkanta ang mga aral sa *desposoryo* para lalong tumalab sa mga ikakasal.

Nagsisilbi ring *pre-sacramental catechesis* o paunang katekesis ang *desposoryo* dahil sa bersohan ay ipinapahayag ang kahulugan at kabuluhan ng Sakramento ng Pag-iisang Dibdib. Kasama rin sa mga aral ng *desposoryo* ang mga gampanin ng mga Katolikong ama, ina at anak.

2. *Pagtutulay sa ugnayan ng mga henerasyon.* Sinisikap ng matatanda na mapabuti ang pagsasama ng mga ikakasal kaya dinudulutan nila ito ng mga aral. Layunin nilang maging mabuting magulang ang mga ikakasal at kasunod nito ang mabuting paghubog sa kanilang mga anak. Sabi nga sa berso ng Paombong at Hagonoy:

Kayo ay natulad kay Santa Maria  
Sa Poong San Hosep noong panahong una  
Ayon sa maganda nilang pagsasama  
Kinamtan ay langit, lubhang maligaya.

Nagsusumikap ang matatanda na bersohan ang mga ikakasal upang matulungan sa tamang pagpapalaki ng mga anak at pagbubuo ng Kristiyanong pamilya sa pamamagitan ng mga aral. Naniniwala ang matatanda na lahat ay tinatawag sa buhay na naayon sa pagmamahal sa Diyos at sa kapwa. Para sa kanila, isang pananagutan ang makatulong sa paghubog ng mga kabataan.

Likas sa matatanda ng baryo ang pangalagaan at tiyakin ang ikabubuti ng mga nagnanais lumagay sa tahimik. Ganito ang samahan nina Carmen dela Cruz at magkapatid na Mely Varella at Isabel Mano ng Ligas, Malolos. Hindi lang pagbeberso ng mga aral sa mga ikakasal ang gampanin nila. Ang samahan nila ang nag-aayos kung may mag-asawang nasa bingit ng hiwalayan.

## HASAAN

Katulad ng pabasa ng pasyon, tumatayong tagapaghatid ng aral ang mga matatanda. Malaki ang naiambag ng pasyon bilang katesismo para sa mga katutubong Tagalog noong pinapalaganap ang Katolisismo sa kapuluan (Aligan 61-62). Ang matatanda ang nagsisilbing tagahatid ng turong Kristiyano sa mga suluk-sulok at gilid-gilid na malayo na sa tunog ng kampana.

Ang matatanda ay may pananagutan pa rin kahit tapos na ang *desposoryo*. Si Carmen dela Cruz na namumuno sa *desposoryo* ng Ligas, Malolos ay laging namamagitan sa mga mag-asawang nanganganib ang pagsasama. Pananagutan nilang tumulong mamagitan sa mga mag-asawa lalo na kung ang mga ito ay nasa bingit ng hiwalayan.

3. *Pagtataguyod ng ugnayang pampamayanan.* Nagsisilbing pampublikong deklarasyon ang prusisyon ng *desposoryo*. Sa pamamagitan ng prusisyon ay malalaman ng publiko na nakaharap na sa pagbubuo ng pamilya ang binata at hindi na siya maaaring manligaw pa ng iba. Sa kadahilanang kalahok ang *istampa*, kaya isang pampublikong deklarasyon din ito ng pagiging Katoliko.

Umiral ang *desposoryo* dahil nagnanais na maging maayos at matagumpay ang kasunduan sa pagitan ng dalawang pamilya. Ang pangunahing layunin nito ay maihanda ang mga ikakasal patungo sa tamang pagpapalaki ng mga anak at wastong pagbubuo ng pamilya sa pamamagitan ng pagbeberso ng mga paalala at aral. Binibigyang halaga ng pamayanan ang bawat pamilya kaya inihahanda nito ang mga ikakasal sa maka-Kristiyanong pagbuo ng pamilya at pamayana. Ayon nga sa Katekismo para sa mga Pilipinong Katoliko 1010:

Kaloob ng Diyos na makibahagi ang lahat ng tao sa kanyang banal na buhay, upang maging bayan ng Diyos. Ang pamilya ang pangunahing paraan para sa pagpapatupad ng planong ito, dahil ito'y isang pamayanan ng mga tao, na naglilingkod sa buhay sa pamamagitan ng pagsilang at pagpapaaral sa mga anak, pakikilahok sa pagpapaunlad ng lipunan at pakikibahagi sa misyon ng Simbahan.

Bilang pagbubuod, ang *desposoryo* ay ritwal ng mga Tagalog upang magdulot ng kasiyahan at aral sa mga ikakasal. Mababanaag sa tradisyong

ito ang mayamang paglalapat ng kultura at pananampalatayang Kristiyano na kung tawagin ay *inculturation*. Handog ito sa mga dumaan sa proseso ng pamanhikan. Ito rin ay nagsisilbing katekesis sa mga nakatira sa mga suluk-sulok at gilid-gilid ng mga bayan ng Malolos, Paombong at Hagonoy.

Tumatayong katekista ang matatanda at dinadaan nila sa bersohan at kantahan ang mga aral upang maging makahulugan. Tungkulin ng mga matatanda na bersohan ng mga aral ang mga ikakasal upang masiguro ang tamang pagtatayo ng pamilya. Sinusubaybayan din nila ang mag-asawa upang maiwasan ang hiwalayan. Bihira ang naghihiwalay na nadesposoryohan sa kadahilanang idinaan sa ritwal ang pag-iibigan kaya mahirap makalimutan. Nagsisilbing alaala ang *desposoryo* ng makabuluhan at makahulugang seremonya na panghahawakan ng mag-asawa patungo sa kanilang mahusay na pagsasama hanggang sa magpantay ang kanilang paa.

**Mga Sanggunian:**

*Acts and Decrees of the Second Plenary Council of the Philippines*. CBCP. Manila: St. Paul Publications, 1992. Nakalimbag.

Aligan, Rodel. *Pasyon*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2001. Nakalimbag.

Almario, Virgilio. *Bulacan Lalawigan ng Bayani at Bulaklak*. Bulacan: Pamanang Bulacan Foundation, Inc., 2002. Nakalimbag.

\_\_\_\_\_. Ed. UP Diksiyonaryong Filipino (Ikalawang Edisyon). Quezon City: UP SWF, 2010. Nakalimbag.

Andrade, Moises. "Dancing in Obando as an Expression of Marian Cult." Ph.D. diss., University of Santo Tomas, 1976. Nakalimbag.

Boyer, Pascal. *Religion Explained: The Evolutionary Origins of Religious Thought*. New York: Basic Books, 2002. Nakalimbag.

Cabantog, Aurelia. Personal na Interbyu. 29 March 2007.

Camua, Andrea. Personal na Interbyu. 10 July 2008.

Casanova, Arthur. *Kasaysayan at Pag-unlad ng Dulaang Pilipino*. Manila: Rex Book Store, 1984. Nakalimbag.

Chungungco, Anscar, OSB. "Liturgy and Popular Religiosity." Josefina Manabat (ed.) *Liturgy for the Filipino Church*. Manila: San Beda College, Graduate School of Liturgy, 2004. Nakalimbag.

Colin, Francisco S.J. *Labor Evangelica: Fundacion y Progresos de su Provincia en las Islas Filipinas*, Book 1. Madrid, 1663. Nakalimbag.

de Luna, Crispin. Personal na Interbyu. 29 March 2007.

dela Cruz, Carmen. Personal na Interbyu. 11 August 2008.

## HASAAN

- Delos Santos, Conching. Personal na Interbyu. 18 July 2008.
- de Mesa, Jose. *Following the Way of Disciples*. East Asia Pastoral Institute, 1996. Nakalimbag.
- . "Primal Religion and Popular Religiosity." *East Asian Pastoral Review*, Vol. 75, No. 1, 2000. Nakalimbag.
- de Oliver, Juan. *Declaracion de la Doctrina Christiana en Idioma Tagalog*. PULONG: Sources for Philippine Studies, 1995. Nakalimbag.
- del Castillo, Teofilo and Buenaventura Medina, Buenaventura. *Philippine Literature From Ancient Times to the Present*. Quezon City: Teofilo del Castillo, 1974. Nakalimbag.
- Gennep, Arnold Van. *The Rites of Passage* (trans.) Monika Vizedom and Gabrielle Caffee. Illinois: The University of Chicago Press, 1960. Nakalimbag.
- Jocano, F. Landa. *Filipino Worldview: Ethnography of Local Knowledge*. Metro Manila: Punlad Research House, Inc., 2001. Nakalimbag.
- . *Philippine Prehistory*. Quezon City: Philippine Center for Advanced Studies. 1975. Nakalimbag.
- Katesismo para sa mga Katolikong Pilipino*. Episcopal Commission on Catechesis and Catholic Education, 2007. Nakalimbag.
- Lana, Tamerlane et al. *Marriage and Family: A Life of Love and Commitment*. Manila: UST Publishing House, 2004. Nakalimbag.
- Lacson, Dely. Personal na Interbyu. 18 July 2008.
- Magandang Balita BIBLIA*. Manila: Philippine Bible Society, 1980. Nakalimbag.
- Malay, Paula Carolina. *Matrimonyo: A Wedding Ballad of Southern Bulacan*. Quezon City: Philippine Folklore Society, 1966. Nakalimbag.
- Mano, Isabel. Personal na Interbyu. 11 August 2008.
- Martos, Joseph. *Doors to the Sacred*. Liguori, Missouri: Triumph Books, 1991. Nakalimbag.
- Mercado, Leonardo. *Elements of Filipino Theology*. Tacloban City: Divine Word University Publications, 1975. Nakalimbag.
- . *Inculturation and Filipino Theology*. Manila: Divine Word Publications, 1992. Nakalimbag.
- Merino, Luis, OSA. *Arquitectura y Urbanismo en el Siglo XIX*. Manila: Centro Cultural de Espana and the Intramuros Administration, 1987. Nakalimbag.
- "Mga Tula ni Conrado Victoria". (Ed.) Ed Lapiz. *Sa Gulugod ng Kalabaw*. Makati City: Kaloob, 1998. Nakalimbag.
- Obusan, Teresita. *Kinaiyang Pamamaraan: Towards Discovering the Wisdom of our Nation*. Manila: Center for Spirituality, 2005. Nakalimbag.
- Obusan, Teresita and Enriquez, Angelina (eds.) *Pamamaraan: Indigenous and Evolving Research Paradigms*. Quezon City: Asian Center/ University of the Philippines, 1994. Nakalimbag.
- Pinkus, Lucio, OSM. "The Psychological Aspect of the Liturgy." Anscar Chupungco (ed.) *Handbook for Liturgical Studies, Volume II*, Minnesota: A Pueblo Book, 1998. Nakalimbag.
- Pinton, Josef. *Compendio Historico de la Religion: Maicling Casaysayan nang Sari-saring Bagay na Nauucol sa Pagquilala at Pagsamba sa Dios*, Aklat 1, (Trans) D. Antonio Florentino Puansen. Maynila, Tipografia de la Universidad de Santo Tomas, 1932. Nakalimbag.
- Santos, Lito. Personal na Interbyu. 24 July 2008.

Sarza, Beverly. "Isang Tagay para sa Pilosopiyang Pilipino." *Malay* 19, No. 3, 2007. Nakalimbag.

Schumacher, John S.J. *Readings in Philippine Church History, 2nd Edition*. Quezon City: Loyola School of Theology Ateneo de Manila University, 1987. Nakalimbag.

Shorter, Aylward. *African Christian Theology: Adaptation or Incarnation*. New York: Orbis Books, 1977. Nakalimbag.

Scott, William Henry. *Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1994. Nakalimbag.

*Sucesos de las Islas Filipinas*. Rizal ed. Paris, 1890. Nakalimbag.

Timbreza, Florentino. *Pilosopiyang Pilipino*. Manila: Rex Bookstore, 1982. Nakalimbag.

Varella, Mely. Personal na Interbyu. 11 August 2008.

Veneracion, Jaime. *Kasaysayan ng Bulakan*. Kolonya, Aleman: Bahay Saliksikan ng Kasaysayan, 1986. Nakalimbag.

Victoria, Felissa. Personal na Interbyu. 24 July 2008.